Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-29 NG ENERO, 2003, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS .......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar .......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison .......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento .......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 020-T'03

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA MAKAPAGDAOS NG FOUR (4) COCK DERBY SA IKA-26 AT 27 NG PEBRERO, 2003 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA, AYON SA PAGSUNOD SA MGA PATAKARAN AT ALITUNTUNIN UKOL SA PAGPAPASABONG SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T* may kahilingan si G. Eddie Opulencia, Pit Manager, Argem Sports Coliseum, ayon sa paanyaya ng *dating Punong Bayan Bruno Ramos na makapagdaos ng four-*cock derby sa ika-26 at 27 ng Pebrero, 2003;

*SAPAGKA'T,* matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ibibigay sa mga organisasyon (NGO's) at mga mahihirap na mamamayang humihingi ng tulong ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Libangan na irekomenda ang pagpapatibay sa nabanggit na kahilingan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin na makapagdaos ng four (4) cock derby sa ika-26 at 27 ng Pebrero, 2003 sa Argem Sports Coliseum, Barangay Bubukal, Santa Cruz, Laguna ayon sa pagsunod sa mga patakaran at alituntunin ukol sa pagpapasabong sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pinuno ng Pulisya, Pambayang Pinuno sa Paglilisensya at G. Eddie Opulencia, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

7/17/03